


# Pagpapalawak at Pagpapaganda sa Impraestruktura ng 172nd Ave

*Palalawakin ang 172nd Ave at magdaragdag ng mga lane ng bisikleta at bangketa mula Misty Dr hanggang Scouters Mountain Road, magdaragdag ng pangkontrol sa trapiko sa Troge Road, palalawakin ang rotonda sa Scouters Mountain Road, magdaragdag ng ilaw sa kalye at pagagandahin ang mga tawiran.*

**Ano:** Palalawakin ang 172nd Ave sa apat na lane para sa pagbiyahe na may pansentrong halamanan sa gitna at mga lane na maiikutan mula Misty Dr hanggang Scouters Mountain Road nang may mga karagdagang lane ng bisikleta, nakahilerang tanawin, at bangketa. Pagagandahin ang mga pangunahing panulukan kapag nagdagdag ng mga signal ng trapiko o rotonda sa Troge Road at pinarami ang mga lane sa rotondang may iisang lane lang sa Scouters Mountain Road. Isasama rin dito ang pagkakaroon ng mga karapatan sa daan, paglipat sa mga kasalukuyang utility sa ilalim ng lupa, pagpapalit ng mga imburnal sa Troge Road, pagsasaayos sa mga tawiran ng tao, at pagdaragdag ng ilaw sa kalye.

**Bakit:** Upang mabawasan ang pagsisikip ng lansangan, madagdagan ang kaligtasan, makapaglaan ng mga ligtas at magkakadugtong na ruta para sa mga nagbibisikleta at naglalakad, at upang tuloy-tuloy na mapaunlad ang Happy Valley hanggang sa hinaharap.

**Iskedyul:**

- Disenyo ng proyekto: Tagsibol 2023 - Taglamig 2026
- Karapatan sa daan: Tag-init 2024 - Taglamig 2026
- Konstruksiyon: Tagsibol 2027 - Taglamig 2028

**Epekto sa trapiko:** Asahan na paisa-isang isasara ang mga lane sa panahon ng konstruksiyon at magkakaroon ng pagkaantala nang hanggang 20 minuto sa pagitan ng Sunnyside Road at Maple Hill Lane.

**Gastos:** $30 milyon ang babayaran mula sa Pondo ng City of Happy Valley at sa mga singilin para sa pagpapaunlad ng sistema ng transportasyon ng lungsod/county.

**Manatiling updated:** Mag-sign up para sa mga update sa email at pagkakataong magbigay ng feedback sa komunidad sa **www.clackamas.us/engineering/172nd-ave** o sa pag-scan sa code na nasa ibaba.

**Tulungan kaming makaugnayan ang mas marami pang tao:** Mapapagagana nang pinakamabuti ang komunidad kapag magkakaugnay tayo. Pag-isipang ibahagi ang proyektong ito sa iyong mga kapitbahay. Kung kasali ka sa mga partikular na grupo sa komunidad na sa tingin mo ay dapat naming abisuhan, ipaalam ito sa aming tagapamahala ng proyekto! Makipag-ugnayan gamit ang mga detalyeng nasa ibaba.

I-scan para sa website

**May tanong o komento? Makipag-ugnayan sa tagapamahala ng proyekto na si Jonathan Hangartner sa 971-804-2825 o Jhangartner@clackamas.us**

**503-742-4696:** ¿Traducción e interpretación? | Требуется ли вам устный или письменный перевод? | 翻译或口译? | Cần Biên dịch hoặc Phiên dịch? | 번역 또는 통역?